



Ang aking bagong layuning pinansyal

May pinaplano ka bang bagong layuning pinansyal? Pag napagdesisyunan mo na kung para saan ang pag-iipon mo, magkano, at hanggang kalian, pwede mo nang sagutin ito.

Ilarawan ang iyong bagong layuning pinansyal

Ito ang layunin ni _____ sa petsang _____
PANGALAN MM/DD/YYYY

na makaipon ng _____ sa _____ na taon, o kaya _____ na buwan
\$ HALAGA # NG TAON # NG TAON x 12

dahil gusto kong mag-iipon para sa sa _____
PARA SAAN AKO NAG-IIPON?

Para dito, kailangan kong mag-iipon ng _____ per month.
HALAGA ÷ # BUWAN

Magsimula sa iyong buwanang kita

Ilista ang lahat ng iyong pinagmulan ng kita: sweldo, tips, benepisyo, pamumuhunan, atbp.

Maaaring magbago kada buwan ang iyong kita. Pwede mong subukang kunin ang average sa 3 buwan ng kita.

Punuin ang kinikita mo sa lahat ng 3 buwan, kahit \$0 lang. Idagdag ang halaga kada buwan para sa bawat pinagmulan ng kita, at hatiin sa tatlo. Siguraduhing huwag isama ang halimbawang halaga.

Pinagmulan ng kita	Buwan 1	Buwan 2	Buwan 3	Average \$ kada buwan
Trabaho 1 (halimbawa)	\$435	\$480	\$385	\$433
Kabuuan				

Pag-aralan ang buwanang gastusin

Ilista ang iyong mga gastusin at uri nila sa talaan. Gumamit ng karagdagang papel kung kinakailangan.

Ito ang ilang mga halimbawa ng uri ng gastusin. Pwede ka pring maglista ng sarili mo:

- **Bahay**—mortgage, upa, telepono, utilities, internet/cable, pagmementena.
- **Utang**—credit card, loan.
- **Pamilya**—day care, pagbayad ng child support, alimony, tuition, gastusing pang-edukasyon, laruan, damit, labahan, baon.
- **Pagkain**—grocery, restaurant, take-out, kape, pang-meryenda.
- **Transportasyon**—langis, parking, toll, pamasaha, pagmementena, car insurance.
- **Kalusugan**—doktor, dentista, gamot, insurance, gamit pangkalusugan, gym.
- **Pangkomunikasyon**—Internet, mobile data plan, mga laro, subscription, membership.
- **Libangan**—sinehan, mga ganap, libro, subscription, musika, mga laro.
- **At iba pa**—donasyon, padala, regalo, supplies.

Punuin ang gastusin mo sa lahat ng 3 buwan, kahit \$0 lang. Pwede mong subukang kunin ang average sa 3 buwan ng gastusin. Idagdag ang halaga kada buwan para sa bawat pinagmulan ng kita, at hatiin sa tatlo. Siguraduhing huwag isama ang halimbawang halaga.

Gastusin	Buwan 1	Buwan 2	Buwan 3	Average \$ kada buwan
<i>Gastusin 1 (halimbawa)</i>	\$510	\$460	\$345	\$438.33
Kabuuan				

Pag-aralan ang iyong iniipon

Ilagay ang halaga na iniipon mo na para sa mga layunin tulad ng retirement, emergency fund, down payment, edukasyon para sa anak, o malaking bilihan. Punuin ang iniipon mo sa lahat ng 3 buwan, kahit \$0 lang.

Idagdag ang halaga kada buwan para sa bawat pinagmulan ng kita, at hatiin sa tatlo. Pwede mong subukang kunin ang average sa 3 buwan ng gastusin. Siguraduhing huwag isama ang halimbawang halaga.

Iniipon	Buwan 1	Buwan 2	Buwan 3	Average \$ kada buwan
Layunin 1 (halimbawa)	\$33	\$33	\$33	\$33
Kabuuan				

Ano ang tirang pera para sa iyong layuning pinansyal

Ibawas ang iyong buwanang gastusin sa iyong buwanang kita. Ibawas rin ang iniipon mo na rin.

Ang natitira ang pwede mong gamitin para sa iyong bagong layuning pinansyal.

$$\frac{\text{BUWANANG KITA}}{\text{BUWANANG GASTUSIN}} - \text{BUWANANG INIIPON} = \text{TIRANG HALAGA}$$

Kailan maaabot ang iyong layunin

Kung mas malaki ang tirang halaga kaysa sa buwanang halaga na kailangan mo, maaabot mo ang iyong layunin sa takdang panahon.

Kung mas maliit ang halaga, maaaring kailangan mong mag-adjust. Pumunta sa pahina 4.

Mula sa pahina 1:

$$\frac{\text{BAGONG LAYUNIN}}{\# \text{ BUWAN}} = \text{BUWANANG HALAGA}$$

Maaabot mo ba?

$$\frac{\text{TIRANG HALAGA}}{\text{BUWANANG HALAGA}} \begin{matrix} > \\ \text{or} \\ < \end{matrix} \rightarrow \text{KUNG MAS MALAKI ANG BUWANANG HALAGA, TAGUMPAY!}$$

Mag-adjust para maabot

Maghanap ng karagdagang pagkakakitaan. Maaaring mayroon kang side job, bonus, regalo, refund, atbp. Mangyaring idagdag ito sa pahina 1.

Pwede mo ring baguhin ang iyong deadline para magkaroon ng karagdagang panahon. Baguhin ang panahon sa pahina 1.

Mangyaring bawasan ang iyong buwanang gastusin para makalibre pa ng pera. Baguhin ang halaga ng gastusin sa pahina 2.

Bawasan ang iyong layuning halaga. Baguhin ang halaga sa pahina 1.

Mangako sa sarili mo

Plano kong abutin ang aking layuning _____

PARA SAAN ANG PINAG-IIPON KO?

Mag-iipon ng _____

\$ HALAGA

Sa loob ng _____

TAON

taon, o kaya _____

TAON × 12

buwan.

Itatago ko ang ipon ko sa _____

PANGALAN NG BANGKO O CREDIT UNION

Plano kong gumamit ng direct deposit, o automatic transfer sa aking savings account para mas madali:

HINDI

Ilagda ang palatanungan na ito at itago kung saan madaling makita.





Lagda _____

Tungkol sa CFPB

Ang Consumer Financial Protection Bureau (CFPB) ay isang ika-21 na siglo na ahensya na gumagabay sa pamamalakad ng consumer finance market sa paglalahad at pagpapatupad ng mga epektibong tuntunin, at sa pagsuporta sa mga mamimili upang mas kontrolado nila ang kanilang mga pananalapi.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa consumerfinance.gov

Makipag-uganayan sa amin

-  Magsumite ng reklamo consumerfinance.gov/complaint
-  Ibahagi ang iyong kwento consumerfinance.gov/your-story
-  Magtanong sa CFPB consumerfinance.gov/askcfpb
-  Ipamahagi ang iyong saloobin facebook.com/cfpb
twitter.com/cfpb



Consumer Financial
Protection Bureau